

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Pride nang birtwal sa Hunyo

BRAMPTON, ON (Hunyo 1, 2021) – Birtwal na ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Pride sa taon na ito, na may online na mga event, mga aktibidad at performance na pangkabutihan para makalikha ng ligtas na espasyo kung saan ang komunidad ng LGBTTIQQ2SA ay makilala at maibahagi ang kanilang diverse na mga boses at kwento.

Ang mga pagdiriwang sa Pride ay isang kilusan na kinilala sa buong mundo na nagpaparangal sa kabutihan at pagmamahal. Ang mga Pride Event na iho-host sa Brampton ay kumikilala sa ating Mosaic sa pamamagitan ng pagpapalahok at pakikipag-usap sa iba't ibang mga pangkat, sumusuporta sa mga pangkulturang event at nagdedebelop ng isang framework para i-embed ang pagiging diverse at pagkagnagsasali sa lahat sa buong Lungsod. Kabilang sa mga highlight sa Pride Week sa taon na ito ang:

- Birtwal na seremonya ng pagtataas ng watawat kasama si Brampton Mayor Patrick Brown sa Hunyo 1
- Isang performance ng Witch Prophet, kasama ang Toronto based Ethiopian/Eritrean, singer-songwriter na si Ayo Leilani sa Hunyo 6, mula 6 hanggang 8 pm
- Mula Hunyo 7 at 11, ang Moyo Health at Community Services ay magdadaos ng serye ng lunch & learn na mga programa na magsisimula sa tanghali
- Isang oras ng yoga at meditasyon kasama ang City of Brampton Recreation sa Hunyo 7 mula 8 hanggang 9 pm
- Ang Algoma University ay magho-host ng panel discussion sa Hunyo 8 sa 8 pm
- Sa Hunyo 12 sa 8 pm magkakaroon ng mga performance na curated ng Brampton Performing Arts

Pride in the Square

Sa Hunyo 13, ang Pride in the Square na ipipresenta ng TD ay babalik sa buong araw na mga birtwal na aktibidad ng pamilya na magsisimula sa Fay & Fluffy's story time sa 11 am; Loud & Proud fitness dance sa 6 pm, na iho-host ng City of Brampton Recreation; Queeriahcity: espesyal na presentasyon kasama sina Mango Lassi, Urvah Khan, Qurat Dar, Almasi at Sargon sa 7 pm. Sa 8:30 pm, may live performance ni Micah Barnes.

Para sumali, bisitahin ang [Pride in the Square](#).

Ang Pride sa Brampton ay mapagbigay na inisponsor ng TD. Para sa kumpletong talaan ng mga pinlanong aktibidad para sa Pride Week bisitahin ang www.brampton.ca/pride.

Mga Quote

“Ang mga event ng Pride ay nagpapalakas sa komunidad ng LGBTQ+ para ipagdiwang at ibahagi ang kanilang iba't ibang boses at kwento at nagtuturo sa mga residente sa maraming mukha at identidad sa loob ng komunidad. Ang Lungsod ng Brampton ay isang Mosaic na kumikilala sa pagiging diverse at sa pamamagitan ng mga pagdiriwang tulad ng Pride at nagpapahintulot sa mga residente na makaramdam ng pagkakaisa, lakas at pakikilahok.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay nagko-commit sa pagkilala at pagsuporta sa diverse na mga komunidad nito sa pamamagitan ng isang lente ng pagiging nagsasali sa lahat ng ating mga serbisyo at programa. Sa

pamamagitan ng ating estratehiya sa Pagiging Diverse at Pagsasali sa Lahat, ang ating pokus ay humihikayat at nagpapalaki sa bilang ng mga manggagawa na naglalarawan sa komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca